AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## BATA MAY TANONG KA BA SA COVID-19? FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL
### Lesson 30

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa* ***"Graduation at Moving-up Ceremony sa Panahon ng COVID-19".*** *Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

**Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? - Lesson 30**

Source: Department of Education

**I.PAGBATI**
Isang Mapagpalang Araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 👩🏻‍🏫. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. ❓🙌

**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**
Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa liham ni George ng Parañaque.

📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, nakakalungkot naman po. Mag-Grade 7 na po ako tapos po hindi ko po naranasang magmartsa. May Graduation Ceremony pa po bang magaganap sa taong ito?

**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**
Hi, George!

Salamat sa pagtatanong. 🤗

--

Ayon sa ating Official Gazette, ang lahat ng aktibiti sa paaralan ay maaaring ganapin sa ika-15 ng Abril, 2020. 📅

Ayon sa DepEd Order No.2 Series of 2020, ang linggo ng ika-13 hanggang ika-17 ng Abril, 2020 ay maaaring gamitin upang idaos o ganapin ang Recognition, Moving Up, at Graduation Ceremony alinsunod sa ipinapatupad na mga hakbang ng Social Distancing ng gobyerno - o pagdistansya ng isang metro hanggang tatlong dipang layo mula sa ibang tao bilang pag-iingat pa rin sa pagkalat ng coronavirus sa bansa. 👨🏻🎓 👩🏻🎓 👨🏻🎓

Ngunit, dahil sa muling pagpapahaba ng "Enhanced Community Quarantine" hanggang sa ika-31 ng Mayo 📅🕛, minabuting ipagpaliban muli ng Department of Education (DepEd) 📖 ang pagdaraos ng Graduation Ceremony hanggang sa araw na itigil ang pagpapatupad nito sa bansa.

Kung maaantala na naman ito dahil sa hindi pa maayos na sitwasyong pangkalusugan ng publiko, nasa pagpapasya na ng mga kinatawan ng paaralan at ng mga opisyales ng Parents-Teacher Association kung kailan idaraos ang pagtatapos ng mga estudyante. 👨🏻💼👩🏻🏫👨🏻👩🏻🏢👨🏻🎓

Kaya huwag na kayong malungkot. Panigurado namang ang inyong mga gurong tagapayo, guro, at punongguro sa paaralan ay gumagawa ng paraan upang bigyang pagkilala ang inyong pagsusumikap sa pag-aaral sa taong ito. 🏢👩🏻🏫👨🏻🏫📜🎖️

**IV.✊ HAMON**

Sa ngayon, makibalita muna tayo sa ating mga guro kung tayo ay may kailangang gawing requirements sa paaralan o tungkol sa araw ng inyong pagtatapos 📲📝🏢👨🏻🎓. Iparamdam natin sa kanila ang ating pagmamahal sa pamamagitan ng pakikipag-text, chat, o di kaya'y pagsusulat ng liham para sa kanila. 📱💻📩🥰

Dagdag pa rito, ugaliin natin ang madalas na paghuhugas ng kamay 💧🧼🤲, pagkain ng masustansyang pagkain 🍱, pag-eehersisyo 🏋️‍♀️, at pagtulog sa wastong oras 😴⏲️ upang magkaroon ng malakas na resistensya panlaban sa COVID-19. 💪👊🦠

Punasan din natin ang mga bagay na lagi nating ginagamit upang hindi tumagal ang virus, germs, o bacteria na nakakapit dito. 🧽💧🧼❌🦠 (Manatili tayong malusog, malinis, at ligtas sa ating bahay para kapag babalik na tayo sa ating eskwelahan ay makapunta tayo at makita natin ang ating mga namiss na

kamag-aral, matalik na kaibigan, at minamahal na mga guro. 🏢👨🏻‍🏫👩🏻‍🏫👧🏻👦🏻)

Iwasan din nating mangamba. Sa halip, ating tandaan na sama-sama nating malalabanan ang COVID-19 sa tulong ng mga masisigasig at masisipag na frontliners, mga taong sumusuporta sa pangangailangan ng mga tao, at sa ating mga panalangin na malagpasan ang krisis na ito. 👩🏻‍⚕️👨🏻‍⚕️👩🏻‍🔬👨🏻‍🔬🤝

Higit sa lahat, huwag din tayong mainip at malungkot sa paghihintay ng ating rites sa eskwelahan, paniguradong makikilala at mapaparangalan tayo dahil sa ating tiyaga at pagsusumikap na mag-aral sa ating eskwelahan. 😉🏢👩🏻‍🎓👨🏻‍🎓📜🎖️

**V.💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 Kumpletuhin ang pangungusap. Dahil sa pagpapahaba ng "Enhanced Community Quarantine", minabuting ipagpaliban muli ng Department of Education ang pagdaraos ng Graduation Ceremony hanggang sa _________________________.

🔎 Ano ang “Social Distancing”?

🔎 Kung hindi maidaraos ang Pagtatapos ng mga bata sa itinakdang oras, sinu-sino ang may kapangyarihan na baguhin ang araw nito?

🔎 Tama o Mali. I-ignore Messages ang groupchat dahil walang kasiguraduhan kung may magaganap na Graduation Rites.

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏻‍🏫

Magkita-kita tayo ulit bukas para sa “Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?” 👧🏻🧒🏻❓

Maraming Salamat sa pakiki-isa! 🤗

-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."